HINDI TAGA-RITO

ni Rommel Pamaos

SYNOPSIS: Ronald, a construction worker, and his young son were in a house that he is tasked to complete when the city lockdown happened. He just can't go home riding in his bike because of the strict boundary restrictions between the municipalities in Cavite all the way to Las Piñas so he decided to stay and finish the job. What he didn't expect is the prolonged quarantine period. Worrying both for his wife and daughter in the other end of the city and the food supply that he and his son should have for the following weeks, he then finds a way to feed the both of them. All of this while he is far from his family in an unfinished house that is not his own in a place where he thinks he does not belong.

Nakatanghod mula sa labas ng bintana ng tinatapos na bahay si Ronald. Mukha siyang batang nakikinood ng TV sa kapitbahay. O mga tambay na nakikibalita sa laban ni Pacquiao at nag-aabang na makubra ang panalo sa kanilang pusta. Pero hindi pelikula ni Jackie Chan o laban sa boksing ang pinapanood niya. Pirmi siyang nakatitig sa natutulog niyang anak sa bahagi ng sahig na nalatagan na niya ng tiles at may sapin na karton. Si Junior, na simula matutong maglakad ay hindi na humiwalay sa tabi niya. Hihigop ng kape si Ronald na nakapatong sa gilid ng bintana saka hihithit sa yosi. Titingala at ibubuga ito pataas para hindi pumasok ang usok sa bahay. Ayaw ni Junior na nakikita siyang nagsisigarilyo. Bad daw yun eh. Magagalit si Papa Jesus.

Mababaling ang tingin ni Ronald sa dalawang pakete ng noodles, tatlong lata ng sardinas, tatlong swak pack ng gatas at limang sachet ng kape sa mesa. Galing pa ito sa kalahating binayad sa kanya. Tinatantya niya kung paano pagkakasyahin ang mga ito sa kanilang mag-ama. Wala pa ang gastos sa bigas niyan. Sa kamalas-malasan ba naman kasi, sa pangatlong araw ng paggawa ni Ronald ng bahay sa Tanza, Cavite, saka nagdeklara ng lockdown dahil sa COVID.

#PandemicLiteratureProject

"Pa! Sama ako ha. Sama ako please." Ang paulit-ulit na pangungulit ni Junior sa tatay niya habang abala naman ito sa paglalagay ng grasa sa kadena ng bike na ginagamit ni Ronald sa tuwing may gawa siya. Nabili niya ng second hand sa isang kumpare sa Ulingan na kapwa niya rin construction worker. Binilhan kasi ng motor ng anak nitong teacher na nasa public. Para raw hindi na mahirapan sa pagpadyak ang ama.

"Tiyagaan lang talaga pre. Aba eh, kita mo naman paano ko ginapang yang si Nora. O tingnan mo naman ngayon. Maestra na! Mam na mam!" Sabi pa ng kumpare niyang si Jimmy sa kanya nang kuhain niya na ang bike. Limandaan lang ang iskor niya dito dahil gamit na gamit na rin naman at parang kapatid na ang turingan nilang dalawa.

Si Reyna naman na panganay ni Ronald ay incoming college naman na. Accounting ang kinuha sa Pamantasan ng Muntinlupa. Buti na lang at libre na ang matrikula. Problema na lang ang miscellaneous at mga libro nito. Pero madiskarte naman ang panganay niya. Hindi siya nag-aalala dito. Mas malapit lang ang loob ng panganay sa ina kaya naisip ni Ronald si Junior, pitong taong gulang pa lang. Matagal pa ako mabibilhan ng motor nito, isip-isip niya.

Kay Ronald pinagkatiwala ang paglalagay ng tiles, kisame at dibisyon sa mga kuwarto ng nakuhang hulugang bahay ng anak na teacher ni Jimmy. Kahit anong pilit daw kasi ni Jimmy sa anak na siya na ang umayos sa bahay nito sa Cavite, sadyang ayaw daw pumayag ng anak.

"Puta sabi ba naman sa akin, huwag daw ako ang gagawa sa bahay na ibibigay niya sa amin ni misis? Eh para saan pa't naging master construction worker ako pare?" Sabay abot kay Jimmy ng yosi.

Nagsindi muna saka humithit si Ronald bago magsalita. "Pina-graduate mo naman daw siya pre. Ikaw naman daw pa-gradweytin niya sa pagkarpintero. Isang bulate na lang pipirma sa'yo eh." Pang-aasar niya.

"Okay na rin. Kako, maranasan ko naman na maging foreman. Kaya nga ikaw na lang sinabi ko sa kanya. Hayaan mo pre. Hindi naman ako kasing gago ni Mr. Balajadia. Yung gagong putanginang foreman na tinatarantado tayo nung nag-mason tayo sa MOA."

Hindi na rin masama, isip ni Ronald. At least sanggang-dikit niya naman itong si Jimmy. Mas matanda ito sa kanya. Kung kapatid ang turing nito sa kanya, parang tatay naman na ang tingin niya dito lalo na't lumaki siyang walang tatay. Doon pa

#PandemicLiteratureProject

lang, pinaalam na ni Ronald na isasama niya si Junior sa gawa. Tutal siya lang naman ang nasa bahay at mag-stay in siya para matapos agad ang trabaho. Mano ba namang may makasama man lang siya. Isa pa, tiyak na hahanapin siya ng anak. Hindi lang siya mapapalagay sa kakaisip kung ano ang ginagawa ng bunso niya.

Ginawan ni Ronald ng maliit na bangkito sa bike si Junior. Kaya naman kumportable itong nakaupo sa buong pagpadyak ni Ronald mula Las Piñas hanggang Tanza. Sanay na sanay na si Ronald dito. At kahit pa ilang beses na tutol ang asawa niya na iangkas sa bike si Junior, hindi napigilan ang mag-ama. Parang bonding na rin naman nilang dalawa. Hindi naman pinroblema ni Ronald ang pagbibitbit niya ng kanyang wielding machine at diamond cutter dahil ang kumpareng si Jimmy na ang nagpauna nito sa bahay gamit ang inarkilang jeepney para ihatid din ang ilang basic na gamit sa bahay. Sa likod ng anak ay ang bag nitong may ilang kuwentong pambata, notebook at ilang pangkulay at lapis.

Madaling araw sila nagsimulang magbike para hindi mainit. Gising na gising si Junior dahil natutuwa sa mga nakikita sa daan. Pagdating nila sa Tanza, nagpahinga muna sila bago pumunta sa Jollibee para pakainin si Junior ng paborito nitong chickenjoy at spaghetti. Pagbalik na pagbalik, agad sinimulan ni Ronald ang pagpaplano sa layout ng tiles. Doon niya lang nalaman na hindi pala pantay ang pagkakayari ng sahig. Kailangan munang palitadahan ng semento. Buti na lang at nakapagpasobra sila ng bili ng semento.

Sa pangatlong araw nga, ng paggawa, kalahati na sa mga tiles ang nailalatag niya, saktong pagkatapos nilang kumain, sa facebook nabalitaan ni Ronald na lockdown na nga ang buong Cavite dahil sa COVID. Walang makakalabas ng bahay. Tigil ang pasada ng mga pampublikong sasakyan. Sunod-sunod din ang balita ng panic buying at traffic dahil sa exodus ng mga taong uuwi sa kani-kanilang lugar para hindi maabutan ng lockdown. Nagpaalam si Ronald kay Junior na may sisilipin lang sa labas ng bahay. Hindi naman tumingin ang bata sa kanya na abala sa pagsusulat-sulat nito sa kanyang notebook. Mahilig magsulat-sulat ito kahit hindi pa man nag-aaral. Mukhang matalino ang kanyang Junior. Ni hindi nga mahilig magpabili ng laruan. Ang gusto'y mga kuwentong pambata, mag-drawing at magsulat sa pinaglumaang notebook ng ate.

Pumwesto lang sa tapat ng bahay si Ronald malapit na kalsada saka nagsindi ng yosi. Sumikip ang dibdib niya dahil sa nabasa. Agad niyang tinawagan si misis para kamustahin. Mabuti na lang at nakapag-iwan siya ng pera dito mula sa kalahating bayad na nakuha niya kay Jimmy. Alerto din ang kanyang asawa na

#PandemicLiteratureProject

nakabili ng kalahating kaban ng bigas. Ang ulam kayang gawan ng paraan yan, huwag lang talaga mawawalan ng bigas.

"Eh kayo paano kayo diyan? Si Junior kumain na?" Tanong ni misis na may kaba sa boses.

"Oo. Nakapag-jollibee pa nga. Nakapamili rin kami kahapon ng mga kailangan namin. Hindi naman siguro tatagal yang lockdown na yan. Sus. Isang linggo lang yan." Sabi ni Ronald para mapanatag ang kalooban ni misis. Nga lang, sapat lang talaga ang pera na iniwan niya para sa kanya. Aasahan niya kasi ang kalahati pa na manggagaling kay Jimmy. Dadaan daw kasi kapag malapit na siya matapos. Eh paano ngang makakapunta, lockdown na? Di bale, isip-isip niya. Saglit lang naman yan eh.

"Papa! Nagsisigarilyo ka na naman ha." Sigaw ni Junior na nakasilip sa bintana. Mabilis na pinitik ni Ronald ang yosi sa sahig. Buti paubos na rin. Pagpasok niya sa loob, inamoy-amoy siya ni Junior. Parang asong naghahanap ng bomba sa katawan niya.

"Isa lang 'nak. Last na yun. Promise."

Hirap makatulog nang gabing yun si Ronald. Bumangon siya para magpahangin sa labas at magyosi. Tahimik na tahimik ang paligid. Sa bahaging ito kasi ng pabahay, kakaunti pa lang ang mga nakatira. Hindi pa natitirhan ang lahat ng bahay. Kaiba sa lugar nila sa Las Piñas. Sa CAA kung saan ang alas-diyes ng gabi ay parang ala-siyete pa lamang sa dami ng tao. Sa mga susunod na araw ay mababalitan niya sa misis at sa facebook na may curfew na rin sa CAA kaya wala na ring mga tao sa labas.

Lumipas ang isang linggo. Lockdown pa rin sila. Naikabit na ni Ronald ang lahat ng tiles sa sahig. Pati ang tagas ng tubig sa gilid ng bahay ay naayos niya na rin. Ang usapan sana, pagtapos niya magawa ang tiles, pupuntahan siya ni Jimmy para iabot ang natitira pang kalahati bago naman umpisahan ang kisame at division. Kumbaga, uuwi muna sila ni Junior sa bahay. Pahinga saglit at check sa kanyang mag-ina bago ulit sumabak sa trabaho.

Ang kaso, lockdown pa rin. May mga balita pa na nagkakahulihan sa labas at yung mga tumatawid sa mga border. Hindi siya makakatawid sa Las Piñas. Mahigpit daw doon. Hindi rin naman siya makakakuha ng travel pass dahil unang-una ay hindi naman taga-Tanza. Isa pa, hindi niya pwedeng isama si Junior sa labas para pumila. Alangan namang iwan niya mag-isa ang bata sa bahay.

#PandemicLiteratureProject

"Pre, hindi ka ba talaga makakapunta dito?" tinawagan na ni Ronald si Jimmy. Kahit anong mangyari talaga ay nagtitira siya ng pangload para makatawag sa bahay. Ang huling sabi sa kanya ng misis niya, huwag daw mag-aalala dahil wala silang problema sa CAA. Bukas pa rin naman ang mga palengke at talipapa. Parang normal na operasyon ang lahat kaya nga lang ay mas kakaunti ang tao. Kung kapusin man sila ay napapalibutan naman sila ng mga kapitbahay na kaibigan din naman nila. Alalang-alala ang misis niya kay Junior. Natural lang naman dahil malayo ang bunso sa kanyang ina. Lagi na lang pinadadalhan ni Ronald ng picture ni Junior si misis para naman mabawasan ang pag-aalala.

"Wala tol. Tsk. 'Di talaga pwede." Sagot ni Jimmy na nasa kabilang linya. "Puta, nahihiya nga ako sa'yo pre. Pero kinausap ko na si Mam. Hanapan niya daw ng paraan para makapagpadala. Baka Cebuana ganun. Kukuhain mo na lang. Hindi lang kami makaporma dahil hindi rin makalabas."

"Okay lang pre. Hindi naman natin alam na ganito pala. Tanginang COVID yan o."

"O eh, paano kaya diyan pre? May pagkain ka pa ba diyan?"

"Paubos na pre. Ako ayos lang. Puta. Bakal ang sikmura natin. Kaya ng pa-yosi-yosi. Si Junior ang iniisip ko."

"Nakakahiya naman sa inaanak ko. Pre, babalitaan agad kita. Ingat na muna kayo diyan. Diskarteng malupit na lang muna."

"Eh ano pa nga ba. Sige pre. Ingat din kayo diyan."

Said na said na ang laman ng bulsa ni Ronald sa ikalawang linggo ng lockdown. Kung nasa kanila lamang siya ay hindi naman siya mag-aalala. Hati kasi talaga ang isip niya nitong mga nakalipas na araw. Ang kaligtasan ni Junior at ang pamilya niya sa Las Piñas. Hindi lilipas ang araw na hindi niya ipapaalala sa misis na huwag palabasin ng bahay ang kanilang panganay. Huwag rin lalabas kung hindi rin lang naman importante. Mabuti na nga lang daw at sa kalye nila, si Teban na magtataho sa kanila na natigil ang pagtitinda ang siyang nagboboluntaryo para sa kanyang mga kapitbahay na pumunta sa palengke at magpasabay ng mga bibilhin ng mga ito. Tipid na tipid na rin si Ronald sa pagyoyosi. Kaunti na lang at mauubusan na rin siya. Halos makalbo na nga rin niya ang tanim na malunggay ni Jimmy sa tapat ng bahay. Pati ang mga talbos ng kamote na gumagapang mula sa katabing bakanteng unit ay pinatos na rin ni Ronald at isinapaw sa bagong saing na kanin. Isawsaw na lang sa patis ay ayos na. Pinaubaya niya na kay Junior ang ang de

#PandemicLiteratureProject

lata ng corned beef na tinipid-tipid niya para dito. Laking pasalamat din talaga niya at hindi mapili ang bata sa pagkain.

Kaya nga lang ay panay naman ang tanong nito kung kailan sila uuwi. Miss na rin daw kasi ang mama niya at ate niya. Pati ang mga kalaro ni Junior, hinahanap na rin niya.

"Mangugutang na lang ako sa tindahan. Tangina ganun talaga. Dignidad, dignidad. Putanginang yan. Bahala na. Sana makapagapadala na rin agad ng pera si Jimmy. Sasabihin ko na lang na ibabalik ko rin agad. O kaya isasangla ko na lang muna itong bike ko. Sana tanggapin kahit lumang-luma na."

Ganun nga ang ginawa ni Ronald. Hindi naman na bago ang pangungutang ni Ronald sa tindahan. Ganito rin naman talaga ang ginagawa niya noon lalo kung hindi pa nakakakubra ng pera sa mga trabaho niya o kung matumal ang gawa. Kaso iba dito. Hindi rin naman siya taga-rito eh. Kahiyaan na. Kung hindi pautangin, isip na lang ng ibang paraan.

Tumiyempo muna si Ronald na walang tao sa tindahan. Nakailang daan na rin siya pero sa tuwing babalakin niya nang mangutang, biglang may dadating para bumili. Kaya aatras na lang ulit siya. Kunyaring maghihintay sa likod at pauunahin ang dumating.

"Kayo kuya anong sa inyo?" tanong ng babaeng bantay sa tindahan. Mas bata ito kay Ronald.

"Ano 'te, baka pwedeng makahiram ng 'sang kilong bigas tsaka de lata. Hindi pa kasi dumarating yung pera ko. Diyan lang ako oh, sa Blk 17, Lot 19." Sabay turo nito sa bahay na ginagawa niya.

Sumilip naman ang babae sa direkyson ng bahay. "Menchie. San ka?" bigla nitong tawag. Sumilip naman ang isa pang babae sa gilid ng tindahan. Pinuntahan ito ng bantay saka hinawakan ang likod papunta sa sala nila. Sa ilang pagbili ni Ronald sa tindahan, napansin niya nang hindi magkaibigan o magkapatid ang dalawa dahil hindi rin naman magkamukha. Nakita niyang nag-uusap ang dalawa habang inginunguso ng bantay ang direksyon ng bahay.

Maya-maya lang ay bumalik ang bantay. "Kuya kasi, nakilala namin yung totoong nakatira diyan. Teacher yun di ba? Ano nga po kayo ng may-ari?"

"Ako po yung nagkabit ng tiles sa loob. Gagawin ko pa nga po sana ang kisame at dibisyon sa taas kaso hindi pa makapagpadala ng pera."

#PandemicLiteratureProject

"Hindi po kasi kami talaga nagpapautang. Pasensya na. Kung minsan, yung mga taga-dito lang po talaga." Naiintindihan naman yun ni Ronald. Nakikita niya rin kung paano nahihiyang makipag-usap ang bantay. Halatang hindi rin naman nananaray.

"May bata po kasi akong kasama. Baka po may ipapagawa kayo diyan sa loob ninyo."

"Ay wala naman po."

"Baka po may ipapasuyo kayong bilhin sa labas. May bike naman po ako."

Nilapitan ng babae ang bantay sa tindahan at kinalabit sa likod. Parang sinasabing siya na ang makikipag-usap kay Ronald.

"Sige kuya. Kung ayos lang, pasuyo na lang kami ng karne tsaka gulay diyan sa talipapa. Bayaran ka na lang namin."

Agad-agad na kinuha ni Ronald ang bike niya sa bahay. Saktong tulog pa si Junior. Mabilis lang naman dahil malapit lang ang talipapa. Hahalik pa sana siya sa anak kaso pinigilan niya at baka pa magising.

Nabili ni Ronald ang mga pinabili sa kanya. Medyo natagalan lang dahil Sabado pala noon at maraming tao. Tuwing Sabado lang pala kasi bukas ang talipapa noon dahil sa quarantine. Pagbalik ni Ronald, inabutan siya ng kaninang bantay sa tindahan ng isang kilong bigas, dalawang de lata ng sardinas, dalawang pack ng noodles at tatlong sachet ng kape.

"Naku. Salamat po. Salamat po talaga. Sabihan niyo lang po kung may kailangan kayo. Pasabi na rin po kay mam, sa kasama niyo. Salamat."

"Ilang taon na ho pala anak niyo?"

"Pito po."

Kumuha pa ang bantay ng dalawang pack ng gatas at isang biskwit saka inabot kay Ronald. Abot-abot ang pasalamat ni Ronald at masayang bumalik.

Pagbukas niya ng pinto, wala ang natutulog na anak sa loob.

"Junior! Halika 'nak. Almusal tayo."

Binuksan niya ang banyo pero walang tao. Pati ang likod sa pinto na labahan ay wala ring tao. Nilundag ni Ronald ang hagdan ngunit wala pa rin si Junior sa taas. Putangina. Halos mabura ang mukha niya sa pagkuskos ng palad niya dito. Takbo

#PandemicLiteratureProject

agad siya sa labas. Silip sa kanan. Silip sa kaliwa. Una niyang tinunton ang sa kaliwa dahil mas malapit ito. Wala roon ang bata. Takbo agad siya sa kanang dulo ng kalye, malayo pa lang, kita niya na ang bag ng anak. Nag-iiyak ang bata na naglalakad. Mabilis na pinuntahan ni Ronald ang anak.

"Papa! Waaaah!" Bunghalit nito.

"Ano ba yan! Bakit nasa labas ka?!" Sigaw ni Roland. Galit na may halong pag-aalala.

"Umuwi ka na eh! Iwan mo ako eh!"

"Hindi ah! Bumili lang si papa ng pagkain mo. Bakit kita iiwan?"

Sinuyo-suyo ng ama ang anak. Karga niya itong hanggang pabalik ng bahay. Puta naman. Muntik pa akong mawalan ng anak. Kung sa amin ito, ayos lang siya lumabas dahil lahat naman ng taga-samin, kilala si Junior. Pinag-iispan ni Ronald kung sasabihin niya ba ito kay misis dahil malamang, hihimatayin yun sa pag-aalala. Hindi pala uubra ang pagiging runner ko dito. Isip-isip ni Ronald.

Papasok pa lang ang pangatlong linggo ng lockdown, naubos na ang naiabot sa kanya sa tindahan. Buti na lang nasagap ni Ronald sa tindahan na may mga darating na barangay para mamigay ng ayuda nang ibili niya ang inipit-ipit niyang siyete pesos para pambili ng kanyang last yosi. Sabi niya sa sarili, gagamitin niya lang yun kapag talagang nagkagipitan na. Kaso, habang tumatagal sila dito, mas kailangan niyang magpakalma sa usok. Ang sabi'y maglabas na lamang ng upuan para maiwasan ang physical contact.

Ganun nga ang ginawa ni Ronald kinabukasan. Ang bawat tapat ng bahay ay may iba-ibang upuan sa labas. Akala mo Christmas party at may maglalaro ng trip to Jerusalem. Sakto talaga dahil wala na ring maisip na mapagkukuhaan ng pera si Ronald. Huling sabi sa kanya ni Jimmy, sarado pa raw talaga ang mga padalahan ng pera. Gusto na nga daw sumugal ni Jimmy at mag-motor papunta sa Tanza kaso ay nahuli siya ng kanyang panganay. Abot-abot na sermon daw ang nakuha niya sa anak na teacher. Para siyang pasaway na estudyanteng nasabon. Ngayon pa naman daw na marami na ang nabalita sa mga hinuli dahil lumalabag sa curfew at sa quarantine. Muli, puro sorry at pasensya lang ang naiabot ni Jimmy kay Ronald.

Kaya naman talagang biyayang maituturing ang paparating na ayuda. Hindi mapigilan ni Ronald ang pagkuyakoy ng paa. Kung may yosi lang siya malamang ay nakapagsindi na rin siya. Nakita niya ang ilang tao ng barangay sa unang bahay sa

#PandemicLiteratureProject

block nila. Mga lima rin sila. May megaphone at nagpapaalalang manatili lamang sa loob ng bahay at huwag nang lumabas.

Sinisipat ni Ronald ang laman ng mga plastik. May bigas, de lata, gatas at ang pinaka-jackpot ay isang buong manok. Natakam lahat ng bituka ni Ronald dahil matagal na rin siyang hindi nakakakain ng manok. Tiyak na matutuwa si Junior nito.

Nilapag ng lalaking nakapulang vest na may logo ng Tanza ang dalawang malalaking plastik ng ayuda pati na ang isang buong manok sa upuan ni Ronald. Patango-tango si Ronald. Ang laki ng ngiti niya. Maya't maya rin ang lingon niya sa natutulog na si Junior na kayakap pa ang notebook nito. "Mamaya ka na magising 'nak. Magluluto si papa ng chicken joy."

"Pangalan ser? Palista na lang dito." Turo ng lalakeng nakagwantes sa clip board. Mabilis na sinulat ni Ronald ang kanyang pangalan saka binalik sa volunteer. Mas mabilis naman niyang dinampot ang mga ayuda. Baka magbago pa ng isip itong mga ito.

"Wait lang ser," tawag sa kanyang ng volunteer, "Blk 17, Lot 19 po ano? Dahlia Ramirez po ang may-ari. Nasaan po si Mam?"

"Siya nga may-ari boss, pero wala siya dito. Ako yung gumagawa ng bahay niya."

"Pero taga-Tanza ka ser?"

"Naku, hindi po boss. Taga-Las Piñas po."

Umasim ang mukha ng volunteer. "Ay naku, pangresidente lang po yan. Bilang kasi yan eh."

"Ah, wala naman siya dito boss. Tsaka sa akin naman nakabilin itong bahay."

"Patay tayo diyan ser, mamarkahan kasi yan sa barangay. Pakilapag na lang diyan." Sabay turo nito sa silya.

"Kahit itong bigas na lang sa akin boss, tsaka de lata. Kahit wag na yung manok." Panunuyo ni Ronald.

"Kulit mo naman ser. Pang-taga dito nga lang yan. Dami pa naming bibigyan o."

"Para sa bata lang ser. Dito anak ko o." Saka gumilid si Ronald para ipakita sa volunteer ang natutulog na si Junior. Hindi na mapigilan ni Ronald na tumaas

#PandemicLiteratureProject

ang boses niya. "Putangina niyo naman pala eh no. Dahil hindi ba taga-rito wala nang karapatang makatanggap ng tulong? Tangina mo gago. Utusan ka lang ng barangay pero kung makaasta ka parang sa'yo yang ayuda." Nanggagalaiti sa galit si Ronald. Pero hindi siya pwedeng sumabog sa simpleng katotohanan na kanina pa sa kanya pinapamukha. Hindi siya taga-doon.

Hindi na nagsalita ang volunteer at kinuha na lamang ang ayuda sa upuan ni Ronald. Gusto pa sanang humabol ng mura ni Ronald kaso tinatantya niya rin ang sarili. Mababasag ang boses niya sa galit at inis. Siya ang out sa Trip to Jerusalem kahit pa may sarili naman siyang upuan. Tumalikod siya at pumasok sa bahay. Nakatingin siya sa natutulog na si Junior.

Sa unang pagkakataon sa buhay mahirap ni Ronald, doon niya lang naramdaman na walang-wala talaga siya. Wala kahit sinong malalapitan. Wala sa tabi ang mahal sa buhay para sabihin at ipaalala sa kanyang makakaraos din sila. Siya lang at ang anak niya sa konkretong bahay na walang laman at hindi naman sa kanila. Walang kakilala. Walang kaibigan sa panahon ng pandemya.

Tumingala si Ronald at bumuga ng imaginary na usok ng sigarilyo. Buo na ang desisyon niya. Gigisingin niya ang anak at uuwi na sila. Magbibisikleta sila pabalik. Magbabakasakaling dumaan sa isang malayong kamag-anak sa Cavite. Kung mahuli, eh di magmakaawa. Sasabihin niyang kahit ihatid man lang sila ng anak niya sa Las Piñas bago siya ikulong. Okay na siguro yun. Magliligpit na sana ng mga gamit si Ronald nang maalala niyang ipasok ang monobloc na silya.

Nagulat siya pagkakita sa upuan. Ang kaninang tulalang silya ay may nakaupong ilang de lata, ilang plastik ng bigas na bawas ang laman, mga pakete ng kape at gatas. At manok na hinati sa kalahati. Nagpalinga-linga si Ronald sa paligid. Ang nakita niya lang ay ilang taong nagwawalis sa tapat nila o kaya naman ay nagdidilig ng halaman. Nagtama ang tingin nila ng dalawang babae sa tindahan. Kumaway sa kanya. Tinanguan niya. Yung nasa tapat naman na nagwawalis. Nginitian din siya.

Nag-init ang pisngi ni Ronald dahil sa luhang basta na lang umagos sa pisngi niya. Sinubukan niyang magsalita. Magpasalamat sa mga taong hindi niya kilala pero baka siya maiyak.

"Boss," tawag ng isang matanda mula sa katabing bahay, "nagko-construction ka daw?"

Tumango-tango si Ronald. Nagtataka kung paano nalaman ng matanda.

#PandemicLiteratureProject

"Nakuwento sa akin ni Menchie diyan sa tindahan. Hindi na kasi nakapunta yung gagawa sa gate namin, natengga na eh. Pwede ka ba?"

"Sige boss. May gamit ako dito boss. Kaya ko yan ser."

"Sa isang araw natin simulan. Pag-usapan natin mamaya."

Binitbit ni Ronald papasok ang silyang kanina lang ay walang laman. Agad siyang nagsaing at nilinis ang manok sa kusina.

#PandemicLiteratureProject